GRADE IV

# REHIYON XI – REHIYON NG DAVAO



## ALAMIN MO

Sa modyul na ito ay isa pang rehiyon sa Mindanao ang iyong pag-aaralan. Ito ang Rehiyon XI Timog Silangang Mindanao. Malalaman mo ang mga katangiang pisikal ng rehiyon, pati na ang iba pang bagay na ikinaiiba o ikinahahalintulad nito sa ibang rehiyon.

Bago ka magsimula sa pag-aaral ng Rehiyon XI, sagutin mo muna ang mga tanong sa bahaging ‘Pagbalik-Aralan Mo’.



## PAGBALIK-ARALAN MO

Isulat ang iyong sagot sa iyong kuwadernong sagutan.


A. Ilarawan ang klima ng Rehiyon X. Ano ang epekto nito sa kabuhayan ng mga tao rito?

B. Sa anong mga produkto kilala ang Rehiyon X?

C. Bakit ang pag-aalaga ng hayop ang isa sa pangunahing gawain ng mga taga-Rehiyon X?



Tingnang mabuti ang mapa ng Rehiyon XI.



Bago ka magsimula sa pag-aaral tungkol sa Rehiyon XI, pag-isipan mo muna ang mga kasagutan sa mga sumusunod na tanong:

- *Ilang lalawigan at lungsod kaya ang bumubuo sa Rehiyon XI?*
- *Ano ang pangunahing industriya ng Rehiyon XI? Ano-ano kaya ang produktong nagmumula rito?*
- *Ano ang katangiang pisikal ng Rehiyon?*
- *Ano kaya ang klima sa rehiyong ito?*



## PAG-ARALAN MO

Basahin mo.

Ang Rehiyon XI ay tinatawag na ang Timog Silangang Mindanao.

### MGA LALAWIGAN AT LUNGSOD

Ang rehiyon ay binubuo ng mga sumusunod na lalawigan:

Davao del Sur
Davao del Norte
Davao Oriental
Compostela Valley

Kabilang naman dito ang mga sumusunod na lungsod:

Davao
Tagum
Panabo
Digos
Island Garden of Samal City



Kahangga naman nito ang:

Agusan del Sur sa hilaga
Golpo ng Davao sa Silangan
Dagat Mindanao sa Timog
Hilagang Cotabato at Bukidnon sa Kanluran

Tingnan sa mapa ng Rehiyon XI ang mga nabanggit na lalawigan, lungsod at hangganan.

Magpatuloy ka sa pagbabasa

## TOPOGRAPIYA AT KLIMA

Isang lambak ang Rehiyon XI. Ito ay nasa pagitan ng talampas ng Gitnang Mindanao at hanay ng mga Bundok ng Diwata. Ang Bundok ng Apo na pinakamataas na bundok sa buong bansa ay makikita sa bulubunduking bahagi ng Davao del Sur. Tulad ng Rehiyon IX at X, hindi rin binabagyo ang Rehiyon XI. Sa rehiyon ay maulan sa buong taon.

## PANGKABUHAYAN

Pagsasaka ang pangunahing hanapbuhay ng mga tao sa rehiyon. Ang matabang lupa ng lambak ay pinakikinabangan ng mga tao. Ang produkto nila ay saging, pinya, papaya, suha, dalandan at kakaw. Ang pangunahing produkto ay saging. Iniluluwas ito sa ibang rehiyon sa Pilipinas at sa ibang bansa. Iniluluwas din ang mga mangga, suha, durian at marang. Ang mga produkto tulad ng ramie, kape, bulak at niyog ay nakatutulong sa pag-unlad ng rehiyon.

Ang sugpo, tuna, mga damong dagat at mga tunang dilaw ang palikpik ay sagana rin sa rehiyon.

Ang pagmimina ay isa ring hanapbuhay sa rehiyon. Matatagpuan dito ang mga deposito ng ginto, marmol, tanso, manganese, nickel at semento.


Ang malaking bahagi ng lupain sa rehiyon ay kabundukan at kagubatan. Sagana ito sa iba't ibang punongkahoy tulad ng lawaan, guijo, kamagong at narra. Ginagamit ang mga punongkahoy na ito sa paggawa ng iba't ibang gamit sa tahanan tulad ng mesa, kama, sala set at dining set.

Malaki rin ang naitutulong ng industriya ng turismo sa rehiyon. Ilan sa mga dinarayo rito ang Mt. Apo, Aguinaldo Pearl Farms at Mainit Hot Springs.

## PAGSANAYAN MO

Ngayon, subukin mong sagutin ang mga pagsasanay upang mataya ang iyong natutuhan.  Gawin mo ito sa iyong kuwadernong sagutan.

A. Narito ang mapa ng Rehiyon XI.  Bakatin ito at isulat ang mga lungsod na matatagpuan dito.



B. Batay sa iyong nabasa sa modyul na ito, isulat mo ang mga hangganan ng Rehiyon XI.

C. Hanapin sa Hanay B ang tinutukoy sa Hanay A. Isulat ang titik ng tamang sagot.

Hanay A

1. Katawagan sa Timog Mindanao dahil sa naggagandahang orkidya na tumutubo rito.
2. Dito makikita ang Mt. Apo
3. Pinakamataas na bundok sa buong bansa
4. Lungsod na dating bahagi ng Rehiyon XI na ngayon ay bahagi na ng Rehiyon XII
5. Uri ng anyong lupa na naglalarawan sa sa Rehiyon XI
6. Pangunahing hanapbuhay ng rehiyon.
7. Pangunahing panluwas na prutas ng rehiyon
8. Isang yamang dagat na sagana sa rehiyon
9. Isang punongkahoy na sagana sa rehiyon
10. Isang hanapbuhay sa rehiyon dahil sa deposito ng mga mineral na matatagpuan sa Rehiyon XI

Hanay B

a. Davao del Sur
b. General Santos
c. lambak
d. pagsasaka
e. saging
f. lawaan
g. Reyna ng Orkidya
h. pagmimina
i. sugpo
j. Mt. Apo

## TANDAAN MO

- *Ang Rehiyon XI ay ang Timog Silangang Mindanao.*
- *Isang lambak ang rehiyon dahil ito ay nasa pagitan ng dalawang talampas.*
- *Binubuo ito ng mga lalawigan ng Davao del Sur, Davao del Norte, Davao Oriental, at Compostela Valley.*
- *Pagsasaka ang pangunahing hanapbuhay ng mga tao sa rehiyong ito.*
- *Hindi rin dinarayo ng bagyo ang rehiyong ito.*

## ISAPUSO MO

Sagutin ang mga sumusunod na katanungan.

A. Sa iyong palagay, mainam bang manirahan sa Rehiyon XI? Bakit?

B. Aling hanapbuhay ang higit na nakatutulong sa pag-unlad ng Rehiyon? Bakit? Ipaliwanag ang iyong sagot.



## GAWIN MO

1. Nalaman mo na maraming prutas ang inaani sa Rehiyon XI. Sa pamamagitan ng “paper mache”, gumawa ka ng modelo ng mga prutas na ito.

2. Bakatin ang mapa ng Rehiyon XI. Dikitan ng mga buto ng munggo, ipilipil, atbp. ang mga hangganan. Ng bawat lalawigan at lungsod na matatagpuan sa Rehiyon XI.

> Hello, hello, taga-Davao ako
> Lahat-lahat dito ipinagmamalaki ko
> Durian, marang, mangosteen at chico
> Pati na suha, saging sagana rito.
>
> Marmol, ginto, manganese at tanso,
> Nickel at semento, marami rin dito.
> Kay sarap mamuhay sa Rehiyon ko,
> Ang pagiging Davaoeño, ipinagmamalaki ko.



## PAGTATAYA

Sagutin mo naman ngayon ang pagsusulit:

A. Basahing mabuti ang bawat pangungusap. Piliiin ang tamang salita na akma sa bawat patlang. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang kuwaderno.

1. Ang Timog-Silangang Mindanao ay kilala bilang Paraisong ________.

   A) Pisikal  
   B) Tropikal  
   C) Normal  
   D) Mahal



2. Kilala rin ito bilang Tahanan ng mga Reyna ng _______.

   A) Kaharian
   B) Paraiso
   C) prutas
   D) orkidya

3. Ang Agusan del Sur at _______ ang kahangga ng rehiyon sa hilaga.

   A) Surigao del Sur
   B) Camarines Sur
   C) Davao del Sur
   D) Zamboanga del Sur

4. Hilagang Cotabato at _______ ang nasa kanluran nito

   A) Siquijor
   B) Basilan
   C) Bukidnon
   D) Bohol

5. Ang pinakamataas na bundok sa buong bansa na nasa Rehiyon XI ay ang

   A) Bundok Arayat
   B) Bundok Makiling
   C) Bundok Diwata
   D) Bundok Apo

6. Ang rehiyon ay isang _______. Nasa pagitan ito ng talampas ng Gitnang Mindanao at hanay ng mga Bundok ng Diwata.

   A) lambak
   B) tangway
   C) burol
   D) bulkan

7. Ang pangunahing hanapbuhay dito ay ang _______.

   A) paghahayupan
   B) pagbababuyan
   C) pagsasaka
   D) pagmamanukan

8. _______ ang pangunahing panluwas na prutas ng rehiyon.

   A) papaya
   B) saging
   C) mansanas
   D) ubas

9. Sagana ang rehiyon sa iba't ibang _____ __ na gamit sa paggawa ng iba't ibang kasangkapang pantahanan.

   A) bato
   B) buhangin
   C) yero
   D) punongkahoy

10. Maulan sa Rehiyon XI sa buong taon ngunit hindi ito _______.

A) nilindol
B) binabaha
C) hinahangin
D) binabagyo

B. Tapusin ang bawat pangungusap. Isiping mabuti ang iyong sagot. Isulat ito sa iyong kuwadernong sagutan.

1. Masarap manirahan sa Rehiyon XI dahil _______.
2. Sagana sa iba't ibang prutas ang rehiyon dahil _______.
3. Umunlad at patuloy pang umuunlad ang rehiyon dahil _______.
4. Maraming pinagkakakitaan ang mga taga-Rehiyon XI dahil _______.
5. Dapat lang na itigil na ang pagtrotroso dahil _______.
6. Kung papipiliin ako ng rehiyong pagbabakasyunan, pipiliin ko ang _______ dahil _______.
7. Kung pipili naman ng matitirahan gaganyakin ko ang aking mga magulang na sa _______ kami tumira dahil _______
8. Sa lahat ng hanapbuhay sa rehiyon, pipiliin ko ang _______ dahil _______.
9. Sa lahat ng prutas na inaani rito, pauunlarin ko ang pagluluwas ng _______, dahil _______.
10. Pinakikinabangan ng mga tagarehiyon ang lambak ng Bukidnon dahil _______.

C. Pag-aralan mo ang mapa ng Rehiyon XI. Sagutin mo ang tanong sa bawat bilang.

1. Ano ang kahangga ng rehiyon sa:

   Silangan ___________________
   Kanluran ___________________
   Hilaga ___________________
   Timog ___________________

2. Anong lalawigan ang nasa kanluran ng Compostela Valley?
   ___________________________________________________________
3. Anong lalawigan ang nasa silangan ng Compostela Valley?
   ___________________________________________________________
4. Anong lalawigan ang nasa silangan ng Davao del Norte?
   ___________________________________________________________

5. Anong lalawigan ang nasa timog ng Davao del Norte?

______________________________________________



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.